DSHS Notice of Privacy Practices for Client Medical Information
(Paunawa sa Mga Kagawian sa Privacy ng DSHS para sa Medikal na Impormasyon ng Kliyente)
May Bisa Mula Nobyembre 1, 2025

Dapat abisuhan ka ng DSHS tungkol sa iyong mga karapatan sa privacy sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (Batas sa Pagiging Portable ng at Pananagutan sa Insurance sa Kalusugan, HIPAA). (45 CFR §164.520). Ang DSHS ay isang "hybrid na entidad." Hindi lahat ng DSHS ay nasasaklawan ng HIPAA, ang mga programa lang na nakalista bilang Mga Bahagi ng Pangangalagang Pangkalusugan sa website ng DSHS ang nasasaklawan ng HIPAA. Nalalapat lang ang paunawang ito sa mga kliyente na sineserbisyuhan ng mga nasasaklawang programa na iyon. Ang paunawang ito ay hindi nakakaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng DSHS.

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano posibleng gamitin at ihayag ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paano mo makukuha ang impormasyong ito. Mangyaring suriin ito nang mabuti.

Ano ang PHI?

Ang Protected Health Information (Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan, PHI) ay medikal na impormasyon ng kliyente na hawak ng mga bahagi ng DSHS na nasasaklawan ng HIPAA. Ang PHI ay medikal na impormasyong nauugnay sa iyo tungkol sa kalagayan o kundisyon ng iyong kalusugan, pangangalagang pangkalusugan na natatanggap mo, o pagbabayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Dapat protektahan ng DSHS ang iyong PHI ayon sa batas.

Anong PHI ang mayroon ang DSHS tungkol sa akin?

Upang matulungan kaming mapaglingkuran ka, posibleng kailanganin mong magbigay sa amin ng medikal o pangkalusugang impormasyon kabilang ang iyong lokasyon, pinansyal na impormasyon, o mga medikal na talaan. Posibleng kumuha rin kami ng PHI tungkol sa iyo mula sa iba pang source na kinakailangan upang mapaglingkuran ka o makapagbayad para sa iyong pangangalaga.

Sino ang nakakakita ng aking PHI?

Ginagamit lang namin ang pinakakaunting PHI na kailangan namin para magawa ang aming mga trabaho. Posibleng magbahagi kami ng PHI sa iba pang mga programa o mga indibidwal kung papahintulutan ng batas o kung papayag ka. Halimbawa, posibleng ibigay sa at gamitin ng Health Care Authority (Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan) at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong PHI upang maikoordina at mabayaran ang iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari kaming magbahagi ng nakalipas, kasalukuyan, o panghinaharap na PHI.

Anong PHI ang ibinabahagi ng DSHS?

Ibinabahagi lang namin ang PHI na kailangan ng iba para magawa ang kanilang trabaho, at ayon sa pinapahintulutan ng batas. Maaari kang humingi ng listahan kung saan ibinahagi ng DSHS ang iyong PHI para sa ilang layunin sa nakalipas na anim na taon.

Kailan ibinabahagi ng DSHS ang PHI?

Ibinabahagi namin ang PHI ayon sa kung "kailangan itong malaman" upang makapagkoordina ng mga serbisyo at para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, maaari kaming magbahagi ng impormasyon:

- Sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan upang makapagbigay ng medikal na paggamot at pamamahala ng kaso.
- Sa partidong responsable sa pagbabayad ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan upang maisaayos ang pagbabayad.
- Upang makapagpasya kung kwalipikado ka para sa mga programa ng DSHS.
- Upang masuportahan ang aming mga operasyon sa negosyo, gaya ng pagpapasya kung nakakatugon ang pangangalagang nakukuha mo mula sa mga provider sa mga legal na pamantayan. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring kabilangan ng pagsasama-sama ng data, mga aktibidad sa pamamahala ng panganib, at mga pag-audit.

Kailan maaaring ibahagi ng DSHS ang aking PHI nang wala ang pahintulot ko?

Bukod pa sa mga paghahayag para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring ibahagi ng DSHS ang PHI nang walang pahintulot mo para sa iba pang mga dahilan. Ayon sa batas, maaari kaming atasan o payagan na ibahagi ang iyong PHI. Kabilang sa ilang halimbawa ang pangangailangang:

- Magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa isang kaibigan o kapamilya na may kinalaman sa iyong pangangalaga. May karapatan kang tumanggi sa pagbabahagi na ito. Kung tatanggi ka, hindi namin ito ipapahayag sa kapamilya o kaibigan na iyon.
- Magbahagi sa mga awtoridad sa kalusugan ng publiko para sa mga aktibidad sa kalusugan ng publiko gaya ng pag-iwas o pagkontrol sa isang sakit o pinsala o pag-uulat ng mga kapanganakan at kamatayan.
- Mag-ulat ng mga insidente ng pang-aabuso sa bata o nasa hustong gulang o kapabayaan o karahasan sa tahanan sa Child Protective Services (Mga Serbisyo sa Pagprotekta sa Bata), Adult Protective Services (Mga Serbisyo sa Pagprotekta sa Nasa Hustong Gulang), sa pulis, o iba pang ahensya.
- Magbigay ng mga talaan sa ilalim ng utos ng hukuman, subpoena, kahilingan sa pagtuklas, o iba pang legal na proseso, o para sa mga paglilitis ng korte at pang-administratibo.
- Magbahagi ng PHI sa mga ahensya sa pangangasiwa na naglilisensya sa mga propesyonal sa kalusugan at naglilisensya at sumusuri sa mga medikal na pasilidad, gaya ng mga nursing home at ospital.
- Magbahagi ng PHI sa mga ahensya ng pederal at pang-estadong pamahalaan upang mapangalagaan ka, kung kinakailangan sa pagtukoy kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo o benepisyo, o ayon sa pinapahintulutan ng batas.
- Magbigay ng PHI sa mga tagapag-alaga o magulang ng mga menor de edad.
- Magbahagi ng PHI para maiwasan o mabawasan ang isang malubha at agarang banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.
- Magbahagi ng ilang partikular na PHI sa mga opisyal sa pagpapatupad ng batas.
- Magbahagi ng PHI para sa pananaliksik, para sa isang inaprubahang proyekto sa pananaliksik, kapag pinoprotektahan ang iyong privacy.
- Magbahagi sa mga awtoridad ng militar, sa ilang sitwasyon, kung ikaw ay nasa sandatahang lakas o kung isa kang beterano.
- Magbigay ng PHI sa mga ahensya ng Kabayaran ng Mga Manggagawa.
- Gumamit o maghayag ng PHI sa panahon ng emergency o para sa mga layunin ng tulong sa sakuna.
- Kapag namatay ka, ibabahagi ang iyong PHI sa personal na kinatawan ng iyong ari-arian, sa isang coroner, direktor ng punerarya, o organisasyon sa pag-transplant ng organ.
- Kapag pinahintulutan o iniatas ng batas

Mga Talaan sa Paggamot ng Substance Use Disorder

Hindi namin ibabahagi ang mga talaan sa paggamot ng substance use disorder (sakit sa labis na pag-inom ng alak o paggamit ng droga, SUD) maliban kung mayroon kami ng pahintulot mo, o kung pinapahintulutan ito ng mga panuntunan ng 42 C.F.R. Bahagi 2 (Bahagi 2.). Kung matatanggap namin ang iyong mga talaan sa Bahagi 2 mula sa ibang tao, gaya ng iyong provider sa SUD, maaari naming ihayag ang mga talaan kung pinapayagan sa ilalim ng HIPAA. Gayunpaman, hindi namin ihahayag ang mga talaan ng SUD para sa mga sibil, kriminal, pang-administratibo, at lehislatibong paglilitis laban sa iyo, maliban na lang kung magbibigay ka ng pahintulot sa pamamagitan ng sulat, o bilang pagtugon sa isang utos ng hukuman.

Paano kung gusto kong ibigay ang aking PHI sa iba?

Kailangan ng pahintulot mo para sa ilang pagbabahagi na hindi nakalista sa paunawang ito. Hindi namin gagamitin ang iyong PHI para sa marketing o di kaya'y ibebenta ang iyong PHI nang wala ang nakasulat na pahintulot mo. Hihilingin sa iyong lumagda ka ng form ng pahintulot para mapayagan kaming ibahagi ang iyong PHI kung:

- Kailangan namin ang iyong pahintulot para makapagbigay ng mga serbisyo o pangangalaga;
- Kailangan namin ang iyong pahintulot para makapagbahagi ng mga tala sa psychotherapy;
- Gusto mong ipadala namin ang iyong PHI sa isa pang ahensya o provider para sa mga dahilang hindi pinapayagan ng batas nang wala ang iyong pahintulot; o
- Gusto mong ipadala sa iba ang PHI, gaya ng iyong abogado, kamag-anak, o iba pang kinatawan.

May bisa ang pahintulot mong ibahagi ang iyong PHI hanggang sa petsa ng pagtatapos na inilagay mo sa form. Ang PHI lang na inilista mo ang maaari naming ibahagi. Maaari mong kanselahin o baguhin ang pahintulot na ito sa pamamagitan ng pagsulat sa DSHS.

Maaari ko bang makita ang aking PHI?

Maaari mong tingnan ang iyong PHI, sa papel o elektronikong anyo. Kung hihilingin mo, makakakuha ka ng kopya ng iyong PHI. Posibleng singilin ka ng DSHS ng makatuwirang bayad para sa mga kopya.

Maaari ba akong humingi ng listahan ng mga paghahayag sa aking PHI?

May karapatan ka sa isang accounting, na isang listahan ng mga paghahayag ng iyong PHI na isinagawa sa nakalipas na anim na taon, maliban sa mga paghahayag na ginawa para sa paggamot, pagbabayad, mga operasyon, o nang may pahintulot mo. Kung hihiling ka ng higit sa isang accounting sa anumang 12-buwang panahon, posibleng singilin ka ng DSHS ng makatuwirang bayad.

Maaari ko bang baguhin ang aking PHI?

Kung sa tingin mo ay mali ang iyong PHI, maaari mong hilingin sa amin sa pamamagitan ng pagsulat na baguhin ang PHI o magdagdag ng bago.

Isasaalang-alang namin ang kahilingan, pero hindi kami inaatasang sang-ayunan ito. Maaari mo ring hilingin na ipadala namin ang anumang pagbabago sa iba pang mayroong kopya ng iyong PHI.

Maaari ba akong maglagay ng mga limitasyon sa pagbabahagi ng aking PHI at kung paano ko ito makukuha?

Maaari mong hilingin sa amin sa pamamagitan ng pagsulat na limitahan ang paggamit at pagbabahagi ng iyong PHI, ngunit hindi namin kailangang sumang-ayon dito. Maaari mo ring hilingin na ipaalam namin ang iyong PHI sa iyo sa ibang format o sa ibang lokasyon.

Ano ang paglabag?	Ang paglabag ay ang paggamit o paghahayag ng iyong PHI na hindi pinapahintulutan sa ilalim ng HIPAA, kabilang ang pagkawala dahil sa pagnanakaw, pagkakamali, o pag-hack. Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng koreo kung may naging paglabag sa iyong PHI sa ilalim ng HIPAA.
Maaari ba akong humingi ng kopya ng paunawa sa privacy na ito?	Oo. Maaari mo nang itabi ang paunawa sa privacy na ito. Kung natanggap mo ang paunawang ito sa elektronikong paraan, maaari kang humingi ng papel na kopya, at bibigyan ka namin.
Paano kung magbago ang mga kagawian sa privacy para sa PHI?	Inaatasan kaming sumunod sa paunawang ito. May karapatan kaming baguhin ang paunawang ito. Kung magbabago ang mga batas o ang aming mga kagawian sa privacy, ia-update namin ang paunawang ito at papadalhan ka ng kopya o papadalhan ka ng impormasyon tungkol sa bagong paunawa at kung saan ito makikita.
Sino ang kakaugnayin ko kung mayroon akong mga tanong tungkol sa paunawang ito o sa aking mga karapatan sa PHI?	Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa paunawang ito, maaari kang makipag-ugnayan sa Opisyal sa Privacy ng DSHS sa DSHSPrivacyOfficer@dshs.wa.gov o sa (360) 902-8278.
Paano ako mag-uulat ng paglabag sa aking mga karapatan sa privacy kaugnay ng PHI?	Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy kaugnay ng PHI, maaari kang maghain ng reklamo sa: Opisyal sa Privacy ng DSHS, Department of Social and Health Services, PO Box 45135, Olympia WA 98504-5135 o sa pamamagitan ng pag-email sa DSHSPrivacyOfficer@dshs.wa.gov. Kung maghahain ka ng reklamo, hindi babaguhin o ihihinto ng DSHS ang iyong mga serbisyo at hindi ito dapat maghiganti laban sa iyo. **O** Isumite ang iyong reklamo online sa: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/complaint_frontpage.jsf o sa pamamagitan ng pagsulat sa: Office for Civil Rights, US Department of Health and Human Services, **200** Independence Avenue, S.W., Room 509F HHH Bldg., Washington, D.C. 20201, telepono (800) 368-1019. Ang anumang reklamo sa DHHS ay dapat isagawa sa loob ng 180 araw pagkatapos ng kine-claim na paglabag sa privacy.

DSHS Notice of Privacy Practices for Client Medical Information (Paunawa sa Mga Kagawian sa Privacy ng DSHS para sa Medikal na Impormasyon ng Kliyente)
May Bisa Mula Nobyembre 1, 2025

Acknowledgement (Pagkilala)

(Kailangan kapag nagbigay ang DSHS ng direktang paggamot para sa pangangalagang pangkalusugan)

Pangalan ng Kliyente	Petsa ng Kapanganakan ng Kliyente

Nakatanggap ako ng kopya ng Paunawa sa Privacy ng DSHS at nabigyan ako ng pagkakataon na magtanong tungkol sa kung paano gagamitin at ibabahagi ng DSHS ang aking Personal na Impormasyon sa Kalusugan.

Lagda ng Kliyente o Personal na Kinatawan	Petsa

For DSHS Use Only (Para Lang sa Paggamit ng DSHS)

To be completed if <u>unable</u> to obtain signature of client or personal representative.

Describe efforts made to have the client acknowledge receipt of the Notice of Privacy Practices (NPP):

Describe reason why acknowledgement was not obtained:

Staff Member's Name and Title (Please Print)	Administration / Division

Staff's Signature	Date